Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-21 NG HULYO, 2020 SA GANAP NA IKA-09:23 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ----------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ----------- Kagawad |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ----------- Pangulo-SKF |

**DI-NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |

**KAPASIYAHAN BLG. 55 T. 2020**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG MAPITAGANG HUMIHILING SA DEPARTMENT OF BUDGET AND MANAGEMENT (DBM) SA PAMAMAGITAN NI KALIHIM WENDEL E. AVISADO NG TULONG PINANSIYAL NA NAGKAKAHALAGA NG LABING-WALONG MILYON (P 18,000,000.00) PISO UPANG ILAAN SA KONSTRUKSYON NG IKALAWANG PALAPAG NG PAMBAYANG PAMILIHAN NA KABILANG SA MGA PANGUNAHING PROGRAMA AT PROYEKTO NA PUMAPALOOB SA LOCAL GOVERNMENT SUPPORT FUND (LGSF)**

**Akda ni KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO**
**Tagapangulo, Lupon ng Pamilihang Bayan at Katayan**

**SAPAGKAT,** ang patuloy na mga aktibidad na pang-ekonomiya sa pamilihang bayan ng Lumban ay patuloy na lumalago kung kaya't nangangailangan na ng mga karagdagang gusali upang mapaglaanan ang mga dumaraming bilang ng mga manininda na nakaka-apekto sa daloy ng trapiko ng mga sasakyan at tao sa bisinidad ng palengke;

**SAPAGKAT**, ang kasalukuyang pangunahing istruktura sa pambayang pamilihan ay pinapanukalang malagyan ng ikalawang palapag dahilan sa kakulangan ng lupang pagtatayuan ng mga bago o karagdagang gusali na mapupwestuhan ng mga manininda;

**SAPAGKAT**, ang Pamahalaang Bayan ng Lumban bilang isang third class municipality ay mayroon lamang limitadong pondo na malaking bahagi nito ay mula sa Internal Revenue Allotment kung kaya't ang paglalaan na gugulin para sa isang malaking proyekto gaya ng pagtatayo ng ikalawang palapag ng palengke ay hindi kakayanin;

**SAPAGKAT**, ang Department of Budget and Management ay may programa na tinawag na **Local Government Support Fund (LGSF)** na kung saan ang naturang ahensiya ay naglaan ng pondo na naglalayon na mabigyang ayuda ang mga lokal na pamahalaan na may kakulangan sa gugulin upang paglaanan ang mga proyektong pangkaunlaran;

**SAPAGKAT**, pumapaloob sa naturang programa ang mga prayoridad na mga programa at proyekto ng mga lokal na pamahalaan gaya ng pagtatayo, rehabilitasyon at pagkumpuni ng mga kalsada at/o tulay; pambayang pamilihan; katayan; multi-purpose buildings; multi-purpose pavements; pathways; drainage canals; sea walls/river walls; water system projects; evacuation centers at pampublikong parke;

**SAPAGKAT**, ang panukalang pagtatayo ng ikalawang palapag ng pangunahing istruktura sa pambayang pamilihan ay magkakaroon lamang ng katuparan sa pamamagitan ng butihing Kalihim Wendel E. Avisado ng DBM, na siyang kabalikat ng mga lokal na pamahalaan sa pagsasakatuparan ng mga plano at layunin ng pambansang pamahalaan upang maghatid ng kaunlaran sa mga hikahos na mga bayan at sa mga kanayunan;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rose Ann R. Añonuevo, na pinangalawahan nina Kgg. Ireneo R. Baldovino at Kgg. Geronimo P. Samonte Jr. at sinang-ayunan ng lahat ng mga nagsidalo ay;

**IPASIYA**, gaya ng dito ay **IPINASIYA,** na mapitagang hilingin sa Department of Budget and Management (DBM) sa pamamagitan ni Kalihim Wendel E. Avisado, ng tulong pinansiyal na nagkakahalaga ng labing-walong milyon (P 18,000,000.00) piso upang ilaan sa konstruksyon ng ikalawang palapag ng pambayang pamilihan na kabilang sa mga pangunahing programa at proyekto na pumapaloob sa Local Government Support Fund (LGSF);

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng Kalihim ng Department of Budget and Management sa General Solano St., San Miguel, Manila City, Metro Manila at sa iba pang kaukulang tanggapan para sa kaniyang kabatiran at gabay.

**PINAGTIBAY,** ngayon ika-21 ng Hulyo, 2020.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt072120res55*